

**Nag-aalok ang County
ng Contra Costa ng
dalawang uri ng permit
para sa mga paggawa
ng pagkain sa bahay.**

**PAGGAWA NG PAGKAIN SA BAHAY
(COTTAGE FOOD OPERATION O CFO)**

Pinapayagan ng mga CFO permit ang produksyon at packaging ng mga pagkain sa mga kusina sa bahay kung hindi nangangailangan ang mga ito ng pagkontrol sa oras o temperatura para manatiling ligtas na kainin. Mga halimbawa: kendi, mga na-bake na pagkain na walang cream o custard, honey, mga mani, at suka.

**PAGGAWA SA MICROENTERPRISE NA
KUSINA SA BAHAY (MICROENTERPRISE
HOME KITCHEN OPERATION O MEHKO)**

Pinapayagan ng mga MEHKO permit ang mga handa nang kainin na pagkain na ginawa sa kusina na ibebenta o direktang ihahain sa mga customer. Halimbawa: anumang pagkain na maaari mong gawin sa isang restaurant, kabilang ang karne, produktong gawa sa gatas, pagkaing-dagat, at iba pang pagkaing madaling masira.

KALIGTASAN



Sinusuri ng Contra Costa Environmental Health (CCEH) ang lahat ng kusina upang matiyak ang ligtas at malinis na paggawa.



Nangangailangan ang mga kusina ng MEHKO at CFO B ng taunang inspeksyong pangkalusugan, katulad ng maraming iba pang komersyal na negosyo sa pagkain.



Kailangan ang pagsasanay o sertipikasyon sa kaligtasan ng pagkain para sa lahat ng may hawak ng permit.

**CONTRA COSTA HEALTH
ENVIRONMENTAL HEALTH DIVISION**

2120 Diamond Blvd, Suite 100
Concord, CA 94520

P: 925-608-5500 FL: 925-608-5502

cchealth.org/eh

retailfood@cchealth.org

Mga Negosyo sa Pagkain na Nakabase sa Bahay



**Alam mo bang
makakapagsimula ka ng
sarili mong negosyo sa
mismong bahay mo?**

5/2024

ANO ANG PAGKAKAIBA?

MEHKO	CFO A & B
Limitado sa taunang benta na \$100,000	Limitado ang CFO A sa taunang benta na \$75,000 Limitado ang CFO B sa taunang benta na \$150,000
Maaari lang direktang magbenta	Maaari lang direktang magbenta ang CFO A Maaaring direkta at hindi direktang magbenta ang CFO B
Hindi kailangang lagyan ng label ang pagkain	Ang lahat ng produkto ng CFO ay nangangailangan ng mga aprubadong label
Kailangan ng operator ng sertipiko ng Certified Food Protection Manager Kailangan ng iba ng mga card ng handler ng pagkain	Kailangan ng pagkumpleto ng isang kurso para sa handler ng pagkain
Maaaring maghanda ng mga pagkain na niluluto at inihahain sa parehong araw	Maaaring maghanda ng hindi nasisirang pagkain sa isang listahan na inaprubahan ng estado
Maaaring mag-imbak ng mga sangkap sa isang refrigerator/freezer sa isang aprubadong garahe o iba pang yunit ng bahay	Hindi maaaring mag-imbak ng pagkain o mga sangkap sa mga garahe, bodega, o area sa labas
Maaaring maghain ng alak na may lisensya ng Alcoholic Beverage Control	Hindi maaaring magbenta o magluto ng pagkain na may alak
Hindi maaaring magbenta ng mahigit sa 30 pagkain bawat araw at 90 pagkain bawat linggo	Walang limitasyon sa benta sa pagkain

Para sa mga detalyadong kinakailangan at packet para sa aplikasyon, mag-email sa retailfood@cchealth.org.

ANO ANG PAGKAKAPAREHO?

- ✓ Maaaring maglingkod bilang mga komisaryo o yunit ng mobile support para sa hanggang dalawang Compact Mobile Food Operation
- ✓ Mga taunang inspeksyon para sa MEHKO at CFO B
- ✓ Napapailalim sa mga inspeksyong nakabatay sa reklamo
- ✓ Hindi pinapayagan ang mga sanggol, bata, at alagang hayop sa kusina o dining area sa mga oras ng operasyon
- ✓ Limitado sa isang full-time na empleyado
- ✓ Hindi maaaring magsagawa ng espesyal na pagpoproseso ng pagkain
- ✓ Dapat isaad sa advertising na, "ginawa sa isang kusina sa bahay," o "paunang na-package sa isang kusina sa bahay"
- ✓ Kailangan ng pagsusuri sa site

